# Medical Baseline Program (sa Tagalog)

Kung residensiyal kayong kostumer na may medikal na kondisyon na siyang dahilan para magkaroon kayo ng mga espesyal na pangangailangan sa enerhiya, may programang pinansiyal na tulong sa inyo ang PG&E.

Nagbibigay ang aming Medical Baseline Program ng dagdag na pinakamurang enerhiya kung may kuwalipikadong medikal na kagamitan kayo sa bahay, o karamdamang may espesipikong pampainit o pampalamig na pangangailangan. Dahil dito, makakabayad kayo ng mas mababa para sa kailangan ninyong enerhiya.

Kasamang halimbawa ng kuwalipikadong medikal na kagamitan at pangangailangan ang: mga de-motor na wheelchair, CPAP na makinang nagbibigay ng tuloy-tuloy na positibong presyon sa daanan ng hininga para lunasan ang sleep apnea, o hika at iba pang karamdaman na may espesyal na pampainit at pampalamig na pangangailangan. Hindi batay sa kita ang kuwalipikasyon, kundi sa mga medikal na pangangailangan lamang ng pasyenteng nasa bahay.

Ganito mag-aplay:

Hakbang 1: Pumunta sa pge.com/medbaseline, i-download ang application form, at sagutan ito. Tiyaking maisama ang inyong PG&E account number, na makikita ninyo sa inyong singil sa koryente.

Hakbang 2: Iprint ang aplikasyon at dalhin sa inyong doktor para makompleto at mapirmahan.

Hakbang 3: Ipadala sa koreo ang inyong nakompleto at napirmahan nang aplikasyon sa:
PG&E
Attention: Medical Baseline
P.O. Box 8329
Stockton, CA 95208

Sa PG&E, narito kami upang tumulong.

Kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa aming Medical Baseline Program, mga kuwalipikadong karamdaman, at pinakabagong materyales para sa pag-aaplay. Tumawag sa 1-800-743-5000 o bumisita sa pge.com/medbaseline.